# CHILDREN'S TRUSTS
# (PONDO O ARI-ARIANG IPINAGKATIWALA PARA SA MGA BATA)

**Pangangasiwa ng Trust ng mga Benepisyaryong Menor de Edad**

## PARA SA TRUSTEE O TAGAPANGASIWA:

Natanggap mo ang pulyetong ito dahil ikaw ay hinirang na trustee sa isang testamento, isang dokumento ng trust, isang kautusan ng hukuman o seksyon 178 ng *Family Law Act* (Batas ukol sa Pamilya) kung saan ang isang benepisyaryo ay wala pa sa hustong gulang o menor de edad. Dito sa British Columbia, ang mga bata ay menor de edad hanggang sa sumapit sila sa edad na 19.

Bilang isang trustee, ikaw ay inaasahang mangasiwa ng pera o ari-arian na may lubos na pag-iingat at integridad. **Ikaw ay dapat laging kumilos para sa pinakamabuting interes ng mga menor de edad.**

**Ang trustee** ang naghahawak ng pera o ari-arian sa ngalan ng isang benepisyaryo.

Ang trustee ay inaasahang gumawa ng mga alituntunin sa pagpapatupad ng trust, upang mapangalagaan ang trust, masinop na mag-invest sa mga assets ng trust, kumilos ng walang pinapanigan sa mga benepisyaryo ng trust, na mananagot at pananatilihing may kaalaman ang mga benepisyaryo tungkol sa trust. Ang trustee ay hindi dapat iatang ang kanyang mga tungkulin sa iba, kumita ng pera mula sa kanyang tungkulin o ilagay ang kanyang sarili sa isang posisyon na magkakaroon ng conflict of interest.

Ang impormasyon sa publikasyong ito ay ibinibigay bilang pangkalahatang patnubay para sa mga trustee ng pera o iba pang mga ari-arian na ipinamana sa isang indibidwal na wala pa sa hustong gulang. Ito ay inihanda para makatulong sa mga trustee **ngunit hindi ito kapalit ng legal na payo.**

Inirerekomenda ng Public Guardian and Trustee (PGT) na ang isang trustee ay humingi ng legal na payo bago gumawa ng mga desisyon sa ngalan ng menor de edad o ng trust. May makukuhang tulong para sa legal na payo. Tumawag sa Lawyer Referral Service sa 604.687.3221 o 1.800.663.1919 (matatawagan nang libre mula sa labas ng Lower Mainland).

Ang lahat ng trustee, kabilang ang mga magulang at tagapag-alaga, ay may parehong mga pamantayan.

PUBLIC GUARDIAN AND TRUSTEE OF BRITISH COLUMBIA

## PAGGAWA NG MGA DESISYON SA INVESTMENT O PAMUMUHUNAN

Ang unang hakbang na dapat gawin ng isang trustee ay tukuyin kung paano mai-invest ang mga pondo ng trust. Kung hindi tinukoy sa dokumento ng trust kung paano ang pag-invest ng mga pondo, ang trustee ay kinakailangang sumunod sa Trustee Act (*Batas ukol sa Trustee*). Ayon sa Batas “ang isang trustee ay dapat na maging maingat, may kasanayan, masipag at may masinop na kaalaman sa pamumuhunan”.

Ang hindi opisyal ngunit madaling maunawaang bersyon ng Trustee Act ay matatagpuan sa: http://www.bclaws.ca/

Ang trustee ay dapat humingi ng payo sa isang propesyonal na pinansyal na tagapayo at / o isang abogado kapag namumuhunan ng pondo mula sa trust. Ang orihinal na pera ng trust na natatanggap ng trustee sa ngalan ng isang menor de edad ay tinatawag na kapital habang ang kita ay ang perang kinita habang naka-invest. Ang ilang mga pamantayan na maaaring isaalang-alang upang malaman kung masinop ang isang investment ay ang mga sumusunod:

- pagkakaroon ng isang balanseng estratehiya sa investment
- napangangalagaan ang kapital at kumikita
- pagpili ng kalkuladong pakikipagsapalaran at layuning kumita
- pagkakaroon ng iba’t ibang makatwirang mga investment
- pag-iingat sa pagbigay ng awtoridad sa mga agent (hal, sa mga mutual fund manager)
- pagkakaroon lamang ng makatwiran at angkop na mga gastos

## PAGSE-SET UP O PAGBUBUKAS NG ISANG INVESTMENT

Kung ang isang trustee ay nag-invest ng pondo, dapat tiyakin ng trustee na ang investment ay nakarehistro sa pangalan ng trust o sa ngalan ng mga benepisyaryo ng trust. Kung ang investment ay hindi nakarehistro sa pangalan ng trust, magkakaroon ng maling pag-aakala na ang investment ay personal na pag-aari ng trustee.

Ang pondong iniingatan ng isang trustee sa trust ay perang pag-aari ng benepisyaryo ng trust at hindi ng trustee. Ang trustee ang naghahawak at nagpoprotekta ng pera sa trust at, kung pinahintulutan ng mga tuntunin ng trust o ng *Trustee Act*, ay ginagamit ang pera para sa mga eksklusibong kapakinabangan ng benepisyaryo (menor de edad).

Ang isang trustee ay hindi puwedeng personal na kumita mula sa pera sa trust. Ang trustee ay hindi maaaring mangutang ng pera mula sa trust o magpautang nito sa sinuman. Alinman sa mga pangunahing bangko, credit union o trust company ay maaaring makatulong sa isang trustee sa pagbubukas ng isang trust account.

## TUNGKULIN NA PANATILIHING NAKAHIWALAY ANG PERA NG TRUST

Ang trustee ay hindi dapat pagsamahin ang pera ng trust at kanyang personal na pera. Ang pera ng trust ay hindi dapat ideposito sa personal na account ng trustee o sa isang account kung saan ay magkasama o joint sa benepisyaryo (menor de edad). Walang ibang tao maliban sa trustee ang dapat na may awtoridad na pumirma para sa trust account.

## PAGLALABAS NG PONDO MULA SA TRUST

Ang isang testamento, dokumento ng trust, o kautusan ng hukuman ay maaaring magbigay sa isang trustee ng pagpapasya upang gumawa ng paggasta mula sa trust at / o maglabas ng bahagi o lahat ng pera sa trust para sa mga menor de edad bago ang pagtatapos ng trust. Tutukuyin ng testamento, dokumento ng trust, o kautusan ng hukuman kung ang trustee ay may awtoridad na maglabas ng kita o kapital o pareho. Ang trustee ay hindi puwedeng mag-atang ng tungkulin sa ibang tao na gumawa ng mga desisyon sa paggasta.

Kapag ang isang testamento, dokumento ng trust, o kautusan ng hukuman ay nagpapahintulot sa trustee na payagan ang maagang paglalabas ng bahagi o lahat ng pondo at ang trustee ay pumayag na ilabas ang bahagi ng pondo, kinakailangang tiyakin ng trustee na ang pondo ay gagamitin para sa layuning may pahintulot ng trustee.

Minsan, ang isang testamento, dokumento ng trust, o kautusan ng hukuman ay nagpapahintulot sa trustee na maglabas ng bahagi ng pondo para sa mga magulang o mga tagapag-alaga ng menor de edad na mayroong mga tagubilin kung paano gagamitin ang pera.

Kung ikaw ay isang trustee, sa ilalim ng seksyon 178 ng *Family Law Act*, ay kinakailangang sundin ang *Trustee Act*, gagawa man o hindi ng mga paggastang mula sa trust.

Kapag ang isang trustee ay hindi sigurado kung siya'y may awtoridad na maglabas ng alinman sa mga pondo mula sa trust o hindi sigurado tungkol sa lawak ng awtoridad na iyon, ang trustee ay dapat na kumunsulta sa isang abogado.

Ang trustee ang siyang responsable para sa anumang pagkawala ng pera sa trust na resulta ng mali o hindi awtorisadong paglalabas ng pera mula sa trust o ari-arian ng trust.

## PAGPAPANATILI NG ISANG TALAAN AT MGA PANANAGUTAN

Ang trustee ang siyang mananagot sa pangangasiwa ng mga pondo ng trust. Ang trustee ay dapat na magpanatili ng isang talaan ng lahat ng mga transaksyon na may kaugnayan sa pera ng trust. Dapat na panatilihin ng trustee ang lahat ng mga financial statement na nagdedetalye ng mga kita mula sa trust, pati na ang isang talaan ng lahat ng mga ginastos mula sa kita o kapital ng trust.

Maliban kung hindi sinasabi sa testamento, dokumento ng trust, o kautusan ng hukuman, ang isang trustee ay kinakailangang gumawa ng mga pagkuwenta na alinsunod sa *Trustee Act*.

Alinsunod sa *Trustee Act*, kinakailangan ng isang executor o trustee na sakop ng isang testamento na magpakita ng kanyang mga account sa hukuman o ang tinatawag na "passing of accounts" sa loob ng dalawang taon matapos na magkabisa ang testamento at ipakita ang iba pang mga account kapag hiniling ng hukuman.

Sa pana-panahon, ang mga trustee ay maaaring magbigay ng mga kopya ng kanilang account sa mga magulang o tagapag-alaga ng menor de edad upang ang mga magulang o tagapag-alaga ay masiyahan na ang interes ng kanilang menor de edad ay napoprotektahan. Ang pagbabahagi ng mga account sa mga magulang o tagapag-alaga ay makakatulong na ihanda ang kanilang mga menor de edad para sa pagtanggap ng pera o ari-arian kapag ang trust ay nagwakas na. Kung ang magulang o tagapag-alaga ang trustee, hindi na kailangan pang magbahagi ng mga account sa ibang tao ngunit kailangang magpanatili ng detalyadong talaan at mga pagkwenta.

Kung sinumang tao, kabilang ang menor de edad na benepisyaryo ay may paniniwala na ang trustee ay hindi mahusay na napamamahalaan ang pondo ng trust alinsunod sa batas, siya'y maaaring makipag-ugnayan sa PGT. Ang PGT ay maaaring mag-imbestiga at hilingin sa trustee na magpakita ng mga account sa PGT.

## PAGWAWAKAS NG TRUST

Ang isang trustee ay dapat na patuloy na ingatan ang mga pondo ng trust sa panahon na sinasabi sa testamento, dokumento ng trust, kautusan ng hukuman o hanggang sa edad na 19 maliban kung hindi iyon ang sinasabi sa testamento. Hindi maaaring wakasan ng trustee ang trust nang mas maaga sa pamamagitan ng pagbabayad ng pera sa isang menor de edad o mga magulang o tagapag-alaga ng menor de edad. Ang trustee ay hindi puwedeng maghirang ng kahaliling tao upang maging trustee maliban kung ito ay pinahihintulutan ng testamento o dokumento ng trust.

Kapag ang isang trustee ay wala nang kakayahang magpatuloy ng kanyang tungkulin bilang trustee, isang kautusan mula sa Korte Suprema ng British Columbia ang kinakailangan upang maghirang ng kahaliling trustee. Kung may matibay na dahilan upang tanggalin ang isang trustee sa kanyang tungkulin bago ang pagwawakas ng trust, ang trustee ay dapat kumunsulta sa isang abogado.

Sa pagwawakas ng trust, ang trustee ay dapat magbigay ng pinakahuling pagkwenta sa benepisyaryo. Matapos na aprubahan ng benepisyaryo ang mga pagkwenta at hayaan ang trustee na lisanin ang tungkulin, dapat na ilipat ng trustee ang pera ng trust sa benepisyaryo o sa legal na kinatawan ng benepisyaryo. Ang trustee ay dapat na humingi ng resibo bilang katibayan ng pagtanggap ng benepisyaryo ng mga pondo.

# Makipag-ugnayan sa
# Public Guardian and Trustee

Child & Youth Services
Public Guardian and Trustee
700-808 West Hastings Street,
Vancouver, BC  V6C 3L3
Telepono: 604.775.3480
email: cys@trustee.bc.ca

www.trustee.bc.ca
email: webmail@trustee.bc.ca

Maaaring tumawag nang libre sa pamamagitan ng Service BC. Pagkatapos ng pag-dial sa naaangkop na numero para sa iyong lugar (sa ibaba), humiling na makausap ang PGT (regular na oras ng opisina 8:30am-4:30pm, Lunes hanggang Biyernes).

| | |
|---|---|
| Vancouver | 604.660.2421 |
| Victoria | 250.387.6121 |
| Sa ibang lugar | 800.663.7867 |